# Kamalayan ukol sa Pangmatagalang Pangangalaga gamit ang Antibiotic



## Ano ang Dapat Malaman ukol sa *Clostridioides difficile* na Mga Impeksyon

Ang *Clostridioides difficile*, na kilala rin bilang *Clostridium difficile o C. diff*, ay isang impeksyon sa bituka na karaniwang nakakaapekto sa mga matatandang tao na nasa mga ospital o mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga. Kadalasang nangyayari ito matapos mag-antibiotic ang isang tao. Ang pag-inom ng mga antibiotic kapag hindi sila kinakailangan ay maaaring makapuksa sa mabubuting bakterya sa ating mga katawan at nagbibigay-daan sa masasamang bakterya, tulad ng *C. diff*, na dumami at magkaroon ng sakit ang mga tao. Mas nagiging mahirap na gamutin ang impeksyong ito dahil sa hindi tinatablan ng antibiotic. Ang mga sintomas ng *C. diff* ay maaaring mula banayad hanggang malala at maaaring kinabibilangan ng:

- Pagtatae
- Pananakit ng tiyan
- Lagnat
- Panlalamig
- Bloating
- Kawalan ng ganang-kumain

Habang hindi maaaring maiwasan ang lahat ng *C. diff* na impeksyon, ang paghuhugas ng mga kamay ng mga resident, bisita, at staff ay maaaring makatulong. Mahalaga rin ang maayos na paglilinis ng mga tahanan at mga lugar para sa pangangalagang medikal. Dahil karaniwanang nangyayari ang *C. diff* habang o matapos mag-antibiotic, mahalagang tiyakin na wasto ang paggamit sa mga antibiotic. Huwag matakot na magtanong sa iyong healthcare provider kung ang iniresetang antibiotic ay talaga bang kinakailangan.

## Tungkol sa Mga Antibiotic

Ang mga antibiotic ay layong gamitin para gamutin ang mga impeksyong dulot ng bakterya. Hindi sila epektibo sa mga sakit na sanhi ng mga virus. Ang paggamit ng mga antibiotic kapag hindi sila kinakailangan, o kapag hindi wasto ang paggamit dito, ay maaaring humantong sa hindi pagtalab ng antibiotic, ibig sabihin hindi mapupuksa ng karaniwang mga antibiotic ang mga impeksyong dulot ng mga germs na ito. Maaari ding mangyari ang iba pang mga problema gaya ng hindi magagandang reaksyon, pagtatae, C. diff, at mga allergy. Ang mga resident na gumagamit ng mga antibiotic ay nasa malaking panganib ng pagkakaroon ng C. diff na impeksyon. Kapag binigyan ng antibiotic, dapat inumin ng resident ang gamot tulad ng itinagubilin. Titiyakin ng nursing staff na lahat ng dosis ay kumpletong naibigay.

NJ Health New Jersey Department of Health · CDS New Jersey Communicable Disease Service · #NJ ANTIBIOTICS AWARE SMART USE, BEST CARE